Kailangan ko bang dumalo sa paglilitis?

Ang mga aplikasyon ay pinagpapasiyahan ng Tasador sa kanyang upisina nang hindi mo kailangang dumalo. Sa mga di-karaniwang pangyayari ka lamang hihinging dumalo sa paglilitis sa husgado.

May karapatan ba akong mag-apela?

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasiya ng Tasador, may karapatan kang mag-apela sa loob ng tatlong buwan. Kontakin kami para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paraan ng pag-apela.

Maaari ba akong bayaran nang maaga?

May mga pagkakataon na maaaring bayaran ka ng mas maaga kaysa sa iyong huling kabayaran.

Kailangang nakasulat ang iyong apli-kasyon at kasama ang mga dahilan ng iyong kahilingan, halimbawa, mga detalye ng masidhing kagipitan sa pananalapi.

Kung ipagkakaloob, ang ipina-unang bayad ay babawasin sa huling kabayaran.

Kailangan bang mahatulan ang nagkasala para makatanggap ka ng bayad-pinsala?

Hindi. Hindi kailangang isakdal ang taong inaakusahang gumawa ng krimen bago ka maghabol ng bayad-pinsala. Maaari ding natapos na ang inyong paghahabol bago pa makilala ang nagkasala o maiharap sa korte. Ngunit nasa aplikante ang bigat ng pagpapatunay na may nangyaring karahasan.

Sasabihan ba ang nagkasala tungkol sa aplikasyon para sa bayad-pinsala?

Ang taong gumawa o inaakusahang gumawa ng krimen ay hindi kasali sa pag-aayos ng bayad-pinsala. Ngunit kung ikaw ay tumanggap ng salapi, maaari kaming gumawa ng hakbang upang mabawi ito mula sa nagkasala. Sa bahaging ito, malalaman ng nagkasala ang tungkol sa iyong tinanggap na bayad-pinsala.

Kailangan bang magbayad ang nagkasala?

Kung ang isang tao ay nahatulan sa kri-meng inihihingi mo ng kabayaran, at binigyan ka namin ng pera, makakagawa kami ng hakbang upang mabawi ito mula sa nagkasala. Hindi mo kailangang magbigay ng ebidensya o masangkot sa paglilitis.

Pagkakompidensiyal

Karaniwan, ang materyal na nasasa-amin ay hindi ipinapalabas sa ibang mga tao. Gayon pa man, ang impormasyon ay maaaring kailanganin na gawing handa sa nagkasala kung nagsagawa ng bayad-pinsala na kilos upang makuha muli ang pera na binigay bilang kabayarang gantimpala. Ang iyong personal na detalye sa pakikipag-ugnayan ay hindi ipapalabas. Maaari rin hilingin mula sa amin na magpakita ng mga dokumento sa korte kung saan may iba pang legal na kilos.

Pagkapribado

Hinihiling mula sa Victims Services na sumunod sa Privacy and Personal Information Protection Act 1998 (NSW) at sa Health Records and Information Privacy Act 2002 (NSW).

Ang Victims Assistance Scheme (VAS)

Ang impormasyon na nilalaman sa polyeto na ito ay tumutukoy sa mga pagahabol para sa isinabatas na kabayaran. Ang VAS ay nagsasauli ng bayad sa ilang itinakdang mga gastuin para sa mga biktima ng krimen na hindi karapat-dapat para sa isinabatas na kabayaran dahil ang kanilang mga pinsala ay hindi nakatugon sa saklaw. Ang mga aplikasyon sa ilalim ng VAS ay maaaring isampa bilang isang kilos ng karahasan na naganap noong o makalipas ang ika-16 ng Pebrero 2007.

Mangyaring sumangguni sa website ng Victims Services o sa ***Application para sa Kabayaran at/o Gastusin*** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat.

Karagdagang impormasyon

Para sa mga kopya ng polyeto na ito, tulong sa pagkukumpleto ng isang aplikasyon para sa kabayaran, o pangkalahatang impormasyon kabilang na ang Victims Assistance Scheme, mangyaring makipag-ugnayan sa Victims Services:

Telepono ..... **(02) 8688 5511**
Walang bayad **1800 069 054**
Email ..... **vct@agd.nsw.gov.au**
Website ..... **www.lawlink.nsw.gov.au/vs**

O kontakin ang 24oras na Linya ng Suporta sa mga Biktima sa:

Telepono ..... **(02) 8688 5400**
Walang bayad **1800 633 063**

Para sa mga gumagamit ng TTY machine:

TTY ..... **(02) 8688 5575**

Serbisyo sa Pagsasaling-wika sa Telepono:

TIS **131 450**

May Praktikal na Impormasyon para sa mga biktima ng krimen na matatagpuan sa:

Website ..... **www.lawlink.nsw.gov.au/voc**

© Ang Estado ng New South Wales sa pamamagitan ng Victims Services, ang Attorney General's Department ng NSW (AGD) Pebrero 1998 (REV 03/09). Maaaari kang malayang makitungo sa iba gamit ang gawain na ito para sa kahit na anong layunin, maliban sa layunin ng pagkita. Ang impormasyon na ito ay handang makuha sa website ng Victims Services sa www.lawlink.nsw.gov.au/vs ('Forms and Publications'). Para sa mga alternatibong format tulad ng Braille, audiotape, nakalimbag sa malaking titik o computer disk, makipag-ugnayan sa Diversity Services sa (02) 8688 8460 (voice), (02) 8688 7733 (TTY - para sa mga taong may kahinaan sa pandinig o mayroong kapansanan sa pananalita) o diversity_services@agd.nsw.gov.au

Ang dokumento na ito ay inihanda ng Victims Services para sa layunin ng pangkalahatang impormasyon.

ISBN 0 7347 6721 8 PT06d • 03/09

Tagalog

Compensation for **Victims of Violent Crime**

Victims Support and Rehabilitation Act 1996

Bayad-pinsala para sa

Mga Biktima ng Marahas na Krimen

New South Wales Government
Attorney General's Department
Victims Services

Maaari ba akong humingi ng bayad-pinsala?

Makakahingi ka ng bayad-pinsala kung:

- ikaw ay biktima ng karahasan at nasaktan bunga nito
- ikaw ay nasaktan dahil sa pagkasaksi sa karahasan
- ikaw ay kamag-anak ng biktima ng pagpaslang. Maaari kang sumangguni sa brosyur *Suporta sa mga Kamag- anak ng mga Biktima ng Pagpaslang*
- ikaw ay nasaktan habang sinisikap na:
  - pigilin ang isang tao sa paggawa ng karahasan;
  - dakpin ang isang taong gumagawa, o gumawa ng karahasan;
  - tulungan o sagipin ang isang taong ginagawan o ginawan ng karahasan.
- ikaw ay magulang o tagapangalaga ng isang biktima ng karahasan, at ang biktima ay wala pang 18 taon noong maganap ang karahasan.

Ano ang maihihingi ko ng bayad-pinsala?

Makakahingi ka ng bayad-pinsala para sa:

- mga dinanas na kapinsalaan tulad ng nasa Talaan ng mga Kapinsalaan
- mga ginastos sa pagpapagamot at mga kaugnay na gastos
- pagkawala ng kinikita
- mga nawala o nasirang personal na gamit na suot o dala-dala noong maganap ang karahasan.

May kabuuang $50,000 ang nakalaan para sa mga nabanggit na kategoriya.

Babawasan ng $750 ang bawat ibibigay na bayad-pinsala na mababa sa $20,000, hindi kasali, sa mga kaso ng pagpaslang, ang ibibigay sa mga kamag-anak.

Anu-anong uri ng paghahabol ang hindi saklaw ng planong pagbabayad-pinsala sa mga biktima?

Hindi ka makakahingi ng bayad-pinsala kung saan:

- ang karahasan ay hindi nangyari sa NSW
- hindi mapatunayan na may nangyaring karahasan
- ang kapinsalaan ay wala sa Talaan ng mga Kapinsalaan, o sa Talatakdaang 1 ng Batas (Schedule 1 of the Act)
- ang kabuuang kabayaran sa kapinsalaan ay maliit sa $7,500
- naghahabol ka dahil sa krimeng ginawa laban sa ari-arian
- naghahabol ka dahil sa kapin-salaang sanhi ng aksidente sa sasakyan.

May mga pangyayari na ang bayad-pinsalang ibibigay ay mababawasan o mapapa-walang-saysay.

Kasama dito ang mga kaso na kung saan:

- ang pagkakasala ay hindi isinumbong sa pulisya sa loob ng tamang panahon (maliban na lang kung ang pagka-antala ay mapa- pangatwiranan).
- hindi mo tinulungan ang pulisya sa kanilang pagsisiyasat tungkol sa pag-aresto o pag-uusig sa akusado.
- kasama sa paghahabol ang mga gastos at mga nawalang salapi na mababawi sa ibang mapagkukunan; halimbawa, ang mga nagastos sa pagpapagamot na maaaring bayaran ng Medicare, o ang nawalang sahod na mababayaran ng WorkCover, etc.

May kinalaman ba ang inasal ko noong mangyari ang insidente?

Oo. Ang kabayaran ay maaaring bawasan, o ang aplikasyon ay pawalang-saysay kung sa palagay ng Tagapasya ay may kasalanan ka rin sa kapinsalaang inihihingi ng bayad-pinsala.

Paano ako makakapaghabol?

Gawin ang mga aplikasyson para sa bayad-pinsala at sa pagpapayo (counseling) sa tamang tamang form. Makakakuha ng tamang form sa aming website, o mapapadalhan ka namin ng kailangan mong pormularyo. Matapos itong sagutan, ipadala ang aplikasyon sa:

The Director
Victims Services
Locked Bag 5118
Parramatta NSW 2124

Kailan ako dapat maghabol?

Dapat mong gawin ang paghahabol sa loob ng dalawang taon mula sa petsa ng karahasan, ngunit kadalasan, pinakamabuting gawin ito sa lalong madaling panahon.

Kung ibinigay mo ang iyong aplikasyon sa loob ng dalawang taong mahigit pagka-pangyari ng karahasan, makakahingi ka ng pahintulot na gawin ito sa labas ng panahong itinakda.

Kailangan ko ba ng abugado?

Maaaring ikaw mismo ang magharap ng iyong aplikasyon kung gusto mo, o ikatawan ka ng abugado. Maibibigay ng Law Society ang pangalan ng mga abugado sa iyong lugar na tutulong sa pagtapos ng iyong aplikasyon. Ang numero ng Law Society ay **(02) 9926 0300** o **1800 422 713** (walang bayad).

Babayaran namin ang iyong abugado ayon sa kalakarang bayaran, at gayundin ang tamang halaga ng mga nagastos. Ang mga gastusing ito ay babayaran bukod pa sa halaga ng bayad-pinsalang ipagkakaloob.

Paano tinatasahan ang aking paghahabol ng bayad-pinsala?

Sa sandaling matanggap namin ang lahat ng kailangang impormasyon para maayos ang iyong paghahabol, ito ay itatala at tatalagahan ng petsa ng pagpapasiya.

Ikaw or ang iyong piniling kinatawan ay makakatanggap ng paunawa tungkol sa petsa ng paglilitis.

Sa petsang ito o pagkaraan, gagawa ng pagpapasiya ang Tasador tungkol sa paghahabol.

Ang mga aplikasyon ay karaniwang napa-pagpasiyahan sa loob ng 12 -18 buwan ng pagtatala.

Makakapaghabol ba ang isang bata?

Oo. Kung ang biktima ng karahasan ay isang bata, ang aplikasyon ay maaaring gawin ng kamag-anak o ng ibang tao sa kapakanan ng bata. Anumang salapi ang ibigay ay ipagkakatiwala (karaniwan, sa Public Trustee) at pamamahalaan sa kapakanan ng bata hanggang sumapit siya sa ika-18 taon.

Maaari ba akong tumanggap ng libreng pagpapayo?

Maaari kang humingi ng pagpapayo mula sa isang Kinikilalang Tagapayo sa ilalim ng Pinagtibay na Plano ng Pagpapayo.

Tingnan ang brosyur *Pinagtibay na Plano ng Pagpapayo para sa mga Biktima ng Marahas na Krimen* para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapayo.

Makakahingi ba ako ng tagasaling-wika kung nahihirapan akong magsalita o umintindi ng Ingles?

Oo. Nagbibigay kami ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa pagsasaling- wika sa NSW.